# *RYAN CEZAR O. ALCARDE*

Si Ryan Cezar O. Alcarde ay naging fellow ng Ikalawang Palihang Multi-Genre ng PUP, Ika-19 Iyas La Salle National Writer's Workshop, at Ika-12 Palihang Rogelio Sicat. Kasalukuyan siyang nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

# PATINTERO

Nang ilagay mo sa palad ang naaagnas niyang katawan,
namusyaw na ang pulang batik sa kanyang likod, pudpod
Hudyat ang nakaw na liwanag sa rilim
upang salatin ang tubig
ng nanuyong balon.
Karampot na patak na magpapaitim
sa namutlang mukha ng kalsada,
at guguhit sa mga linyang
susundan ng taya,
kaming itinakdang bantay ng pintuang
likha ng musmos na mga katawan.
At ikaw, paslit na nagdaraan:
Higitan ang liksi ng aming mga kamay.
Ilagan ang patibong
sa lumalabong landas ng putik.
Tunguhin ang dulo ng guhit-
tagpuan at huwag kalimutan
kaming nanatili't
naghihintay.

Nakatanghod ang matatanda
sa kanilang mga bintana.
Sinusukat ng pudpud na mga daliri ang distansya
mula sa naghihingalong mga bituin.
Kung kailan sumapit ang eklipse
sa kanilang mata.

Kung kailan lumabo ang mapa
sa mukha ng langit.
Kayraming naglakbay at di natagpuan
ang daan pabalik.
Silang laon nang nilukob ng pagkainip.
Makinig.
Isigaw man ang ngalan
sa lalim ng gabi,
huwag hayaang magising
sa kweba ang Minokawa.

Masdan mo ang marahang
paggalaw ng buwan.
Sundan muna
ang liwanag.